# NATIONAL READING PROGRAM IN FILIPINO I

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Reading in Filipino | **Grade Level:** | 1 |
| **Quarterly Theme:** | | **Date:** | MARCH 8, 2024 |
| **Sub-theme:** | Pagbasa ng mga Salita at Babala | **Duration:** | 70mins *(time allotment as per DO 21, s. 2019)* |
| **Session Title:** | Pagbasa ng mga Salita at Babala | **Subject and Time:** | Reading Filipino 7:00-8:10AM *(schedule as per existing Class Program)* |
| **Session Objectives:** | Pagkatapos ng Gawain,<br><br>Nababasa ang mga salita at babala na madalas makita sa paligid. | | |
| **References:** | K to 12 Basic Education Curriculum | | |
| **Materials:** | (Powerpoint Presentation) | | |

| **Components** | **Duration** | **Activities** |
|---|---|---|
| **Pre-Reading** | 15 mins | Gabayan ang mga mag-aaral sa paglalahad ng kanilang karanasan tungkol sa paglalaro ng lutu-lutuan.<br>**Sabihin:** *Kahapon, pagkatapos nating basahin ang panuto sa pagluluto ng arroz caldo, naglaro kayo ng lutu-lutuan. Nakapaglaro*<br>*na ba kayo nito bago natin ito gawin sa klase? Sino ang madalas maglaro ng lutu-lutuan? Ibahagi sa buong klase ang inyong ginagawa*<br>*kapag naglulutu-lutuan. Maaari ninyong gamitin ang halimbawang*<br>*panimula na nakasulat sa pisara:*<br>***Kapag naglalaro ako ng lutu-lutuan, gumagamit ako ng ____ at _____. ____ ang madalas na kunwari kong lutuin/ang gusto kong kunwaring lutuin.***<br>***(Kung maglalaro ako ng lutu-lutuan, gagamit ako ng __ at ___. _____ ang gusto kong kunwaring lutuin.)*** |
| **During** | 40 mins | Gabayan ang mga mag-aaral sa pag-awit ng kantang "Alpabetong Filipino." Maaari ding ituro ang bawat letra ng alpabeto sa *alphabet chart* na nakakabit sa silid-aralan habang inaawit ang bawat letra sa kanta.<br>• Matapos umawit, magsagawa ng mabilisang tanong-at-sagot upang matiyak na naiintindihan ng mga mag-aaral ang pagkakasunodsunod ng mga letra. Tanungin:<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "H" o ang letrang "C"?<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "K" o ang letrang "D"?<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "B" o ang letrang "Y"?<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "M" o ang letrang "E"?<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "I" o ang letrang "N"?<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "C" o ang letrang "Q"?<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "J" o ang letrang "L"?<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "F" o ang letrang "P"?<br>— Alin ang nauuna: Ang letrang "V" o ang letrang "G"?<br><br>Ilagay ang flash card ng asin sa mataas na bahagi ng pisara. Ito na ang pagsisimulan ng listahan ng sangkap na nakaayos ayon sa pagkakasunod ng mga letra ng alpabeto. |

| | | |
|---|---|---|
| | | Para sa iba pang mga salita sa flash card, tanungin ang sumusunod upang gabayan ang klase sa pagsagot:<br>— Ano ang unang letra ng salitang ito?<br>— Aling letra ang mauuna—ang letrang ito (ituro ang unang letra ng salitang tinatalakay) o ang letrang ito? (ituro ang unang letra ng salitang nakakabit na sa pisara ayon sa pagkakaayos ng alpabeto.) |
| **Post- Reading** | | Kapag natapos na ang talakayan at pagsasaayos ng mga flash card, basahin ayon sa pagkakasunod-sunod ang mga salita at pasabayin ang mga bata:<br>— **asin**<br>— **bigas**<br>— **luya**<br>— **manok**<br>— **paminta**<br>— **sibuyas**<br>Ipasipi sa mga mag-aaral ang naisaayos na listahan ng sangkap ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga letra sa alpabeto. |